# ADEN BON BESEN UYAG-UYAG

*(May Buhay Pa Pala)*

Kilala ang bayan ng Maguindanao bilang isa sa mga tampulan ng gulo o digmaan tulad ng *Maguindanao Massacre* at ilang magkasunod na digmaan. Ito ang pagkakakilala at naging tatak ng hindi man lahat ngunit karamihan lalo na ang hindi mga bahagi ng kwento ng bawat may buhay sa Maguindanao. Mga kwentong maaaring maunawaan at mas marami ang hindi makakaunawa dahil sa kawalan ng kamalayan sa kanilang bayan. Hindi maiintindihan dahil sa hindi pagkakapantay-pantay ng kinalalagyan sa lipunan. Hindi mauunawaan dahil sa hindi magkaparehong pananaw sa pananampalataya at paniniwala.

Isa sa mga barangay ng Maguindanao ay ang Kitango, Datu Piang. Ito ang bayang kinamulatan ko. Ang bayang humulma sa aking pagkatao. Ang bayang humubog sa aking prinsipyo, pananaw, at paniniwala sa buhay. Ang bayang nagbuklod sa aking kinalakhang pamilya. Ang bayang yumapos sa katotohanan na sa kabila ng lahat maaari akong mamuhay at magpatuloy sa buhay.

Pitong taong gulang ako nang magsimulang mahubog ang aking pananaw at pagmamahal sa bayang kinalakhan, ang Kitango, Datu Piang, Maguindanao. Wala mang kamuwang-muwang sa tunay na imahe ng buhay ay patuloy namang naglalayag ang aking kamalayan sa aking kapaligiran, sa aking bayan.

Malaki sa populasyong bumubuo sa Maguindanao ay mga Muslim na Maguindanaoan. Kaya naman, ang kulutura, tradisyon, at paniniwala ng lahat ay

nakabatay sa pananampalatayang Islam. Isa sa mga pinakamahalagang araw sa buhay ng bawat mananampalatayang Muslim ay ang pag-aayuno ang tinatawag na *Saw'm*, dahil kabilang ito sa limang haligi ng pananampalatayang Islam. Hindi ganap ang pagka-Muslim ng sinumang nag-aangking Muslim ang hindi pagsasagawa rito. Ang dakilang buwan na ito ay tinatawag na *Ramadhan* noon, buwan ng pag-aayuno, buwan ng pagsasakripisyo, buwan ng paghingi ng kapatawaran, at buwan ng paggunita sa Allah. Ang lahat ng mamamayan sa Kitango, Maguindanao; bata at matanda ay naghahanda at sabik sa unang araw ng pag-aayuno. Bilang Muslim, inaasahan na mag-aayuno ang lahat. Sa kabila nito, may iilan na hindi kinakailangan o obligadong magsagawa ng pag-aayuno tulad ng mga bata na hindi pa umabot ang edad sa pitong taong gulang, mga matatandang wala ng kakayahan o mahina na ang pangangatawanan, mga nagdadalantao at nagpapasuso ng sanggol, mga babaeng may regla, mga nagbibiyahe ng malayo, at hindi Muslim.

Bilang bata ay hindi pa ako obligadong mag-ayuno, ngunit bilang paghahanda ay sinanay ako nina A'ma at I'na kahit hindi man maisagawa sa buong araw. Dahil sa sabik sa unang araw ay isinama ako ni A'ma sa *padiyan* upang mamili ng kakailanganin sa unang araw ng pag-aayuno. Habang sakay ng bisekleta si A'ma at nasa kanyang likuran ay masaya kong pinagmasdan ang kabuuan ng aking bayang sinilangan. Laking galak ko nang masilayan ng aking inosenteng paningin ang kapaligiran. Bilang paghahanda, napalibutan ng makukulay na bandila o *pandi* ang bawat kalye na tila kumakaway ang matitingkad nitong kulay na pula, dilaw at berde habang hinahampas ng hangin. Hindi rin nakatakas sa aking munting pandinig ang tugtog ng kulintang at agong na mas lalong nakapagbigay buhay at sigla sa lahat. Paminsan-minsan ko lang

din marinig ang mga instrumentong ito dahil pinapatugtog lamang ito kapag may mga mahahalagang pagdiriwang o okasyon gaya ng kasal. Kasabay nang ng bawat ritmo ng tugtog ay kasabay rin nang kagalakan ng bawat isa sa bayan. Kapansin-pansin na halos lahat ay abala, ngunit mas nangingibabaw ang ngiti at tawa ng bawat imahe ng bawat isa. Ngiti ng kapayapaang namumutawi sa puso ng bawat Maguindanaoan.

Nang makarating kami ni A'ma sa *padiyan* ay abalang-abala ang halos lahat ng may paninda sa pagsasaayos, pagpapanday, at pagpapatayo ng barong-barong na paglalagyan ng paninda. Habang hawak-hawak ni A'ma ang aking kanang kamay ay hindi maalis sa aking paningin ang ilang batang kasing-edad ko na tumutulong sa kanilang magulang sa paghahanda. Lalo akong nabuhayan ng saya dahil ramdam ko ang katiwasayan ng pamumuhay naming lahat.

Magdadapit hapon na nang makauwi kami ni A'ma mula sa pamamalengke. Hindi pa man nakaakyat sa hagdan ng bahay ay dumating ang panawagan sa pagdarasal na tinatawag na *bang* o *adzan*. Nang mailagay sa hapag ang mga pinamili ay agad naming tinungo ni A'ma ang balon na pagkukunan ng tubig na panghugas ng katawan bago magdasal. Habang nagdarasal ay abala naman si I'na sa paghahanda ng hapunan. Ginisang sariwang kangkong na nangingibabaw ang amoy ng tanglad at pritong galunggong ang inihanda ni I'na. Tanging ilaw ng lampara ang siyang nagbibigay liwanag sa aming hapag habang kumakain. Habang ninanamnam ang pagkain ay hindi ko naiwasang titigan ang bawat mukha ng aking dalawang magulang. Kababakasan na ng katandaan ang kanilang noo. Ang mga mata nila ay tila kasasalaminan ng katiwasayan ngunit nangingibabaw ang pagkabahala't pagkatakot ng kahapon. Hindi ko man lubos maunawaan ang mga ito ngunit naniniwala akong may

kapayapaan sa bawat ngiti nina A’ma at I’na. Pagkatapos maghapunan ay muli kaming nagdasal para sa *I’sa;* dasal sa gabi. Dahil kinaugalian na sa aming nayon na hindi pa man kalaliman ng gabi ay nasa loob na kami ng aming kulambo bilang paghahanda na rin sa unang araw ng  pag-aayuno. Ako'y masaya sa ganitong mga oras dahil alam kong ako'y ligtas at panata ang kalooban dahil napapagitnaan ako ng pagmamahal nina A'ma at I'na.

Nagising na lamang ako sa mainit na dampi ng kamay ni I'na bilang hudyat na ng pagkain. Kahit hirap at pilit na iminulat ang mga mata ay masigla akong bumangon. Agad tinungo ang bangang may tubig at naghilamos. Habang kumakain ay pilit na niyayapos ng antok ang aking gising na balintataw kahit mabilis ang bawat pagsubo, dahil kinakailangang bago pa man sumapit ang *adzan* sa pagdarasal sa *Sub'h*, dasal sa madaling araw ay tapos na kaming kumain. Nangangahulugang hindi na kami maaari pang kumain o uminom ng anuman hangga't hindi sumasapit ang *adzan* sa pagdarasal sa *Maghrib*, pagdarasal sa gabi. Pagkatapos kumain ay hindi na muna kami natulog upang magdasal sa umaga. Muli kaming bumalik sa aming higaan at natulog.

Sa buong araw ng pag-aayuno, maliban sa pagdarasal sa *Duh'r*; ang dasal sa tanghali, *As'r*; dasal sa hapon ay kinakailangang lagi nang gunitain ang Allah gaya ng paulit-ulit na pagsambit sa *Allahuakbar*; dakila ang Allah, *Subhanallah*; sambahin ang Allah, *Alhamdulillah*; ang pasasalamat ay sa Allah, at *La Ilaha Illa Allah*; walang ibang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah. Hindi rin dapat kaligtaan ang pagbabasa ng banal na kasulatan ng Allah ang *Qur'an*, dahil ang banal na kasulatang ito ay ibinababa sa pamamagitan ni Anghel Gabriel sa sugo na si Propeta Muhammad (Sumakanya nawa ang kapayapaan) naniniwala kami na ang bawat titik ng salita na nababasa sa

aklat ay katumbas ang sampung mabuting gantimpala. Maliban sa hindi maaaring pagkain at pag-inom ng anuman ay hindi rin pinapahintulutang magtalik ang mag-asawa. Ang mga maliit na kasalanan gaya ng pagsisinungalin ay binibgyang pansin din at iba pa.

Dinadalaw man ng pagkagutom at pagkauhaw ay pilit ko itong nilalabanan ito. Minsan ay hinayaan ko na lamang ang aking sarili na dalawin ng antok upang hindi mabatid ang pagsasakripisyong dinaranas sa buong maghapon. Ramdam ko ang katahimikang bumabalot sa buong pamayanan dahil sa panatang ginagawa. Walang ingay. Tanging langitngit lamang ng kawayan at lagaslas ng tubig ang siyang yumayakap sa aking pandinig. Sinyales ng katahimikan at kapayapaang namumutawi sa aming bayan.

Pagkatapos magdasal ng *As'r* ay inanyaya ako ni A'ma na sumama sa padiyan. May kahinaan mang dinanas ay sumama pa rin ako. Muli ko na namang naulinigan ang bawat ritmo ng kulintang at agong habang papunta sa padiyan. Napawi ang aking panghihina nang masilayan ko ang kasiyahang tinataglay ng aming bayan. Nadatnan nami ni A'ma ang padiyan na hindi mahulugang karayom. Bata at matanda, babae at lalaki ay abala sa pamimili ng mga ihahanda para sa *buka* o *iftar*. Habang nakikipagsiksikan si A'ma na bumili ng mga sariwang isda gaya ng mga tilapia, hito, hipon, at iba pang uri ng isda na karaniwang matatagpuan sa ilog ng Maguindanao. Hindi rin nakawala sa aking paningin ang pangkat ng matatandang lalaki na abala rin sa pamimili ng tabako. Nakita ko si A'ma na nakisali na rin at marahang itinaas ang isang hibla ng tabako. Mababakas sa mukha niya ang pagkasabik sa paghithit ng tabako. Kasabay nang pag-angat niya ng tabako ay akmang lalanghapin na sana nito ang halimuyak ng tabako ngunit agad na rin niya itong nailayo sa kanyang ilong dahil bawal

ang kusang pag-amoy sa anumang bagay na makakapaghatid ng temptasyon na maaaring maging dahilan ng kawalang-balido ng pag-aayuno. Habang namimili ay binigyan ako ni A'ma ng limang piso upang bumili ng bloke ng yelo. Kung may mabenta man sa lahat ay yaon ang yelo na halos agawan ang lahat. Ilang minuto rin ako nakipagsiksikan makakuha lang ng yelo, pampatid ng tigang na lalamunan. Nang pauwi ay huminto kami upang bumili ng mga kakanin. Hindi kompleto ang handaan kapag walang kakanin ng Maguindanoan gaya ng *dudol*; gawa sa katas ng niyog at pulang bigas, *inti* na yari sa katas ng niyog at bigas na kulay dalandan, *plil* na hinulma galing sa dinurog na hinog na saging, at *tinadtag* na gawa sa harina na hinulma na parang bihon. Ang mga kakaning ito ay tatak ng aking bayan. Magdapit hapon na nang makauwi kami ni A'ma sa bahay.

*Bang! Bang! Boooom! Bang!* Ang mga tunog na nagpagising sa amin nang madaling araw bago pa man sumapit ang *Saw'm.* Mga tunog na kailanman ay hindi ko pa naririnig. Mga tunog na gumimbal sa katahimikan ng buong bayan. Napatakbo si A'ma sa labas ng bahay at tinawag ang kapitbahay. Ilang beses din tumawag si A'ma ngunit mga putok lamang ng nagsasalubungang bala ang bumalot sa aming pandinig. Mas lalo pang lumakas ang putukan. Napagapang na lamang si A'ma palapit sa amin ni I'na na nagyakapan sa isang sulok ng bahay na niyuyog ng malakas na ingay ng putukan. Gumagapang kami nang biglang mabuwal ang haligi na aming kinalagyan. Natagpuan namin ang aming mga nagimbal na kaluluwa sa banggerahan. Nakita ko si I'na, namumutawi sa kanyang mga mata ang pagkabahala at pagkatakot habang mahigpit akong yakap ng kanyang mga bisig. Tanging *Allahuakbar, Subhanallah,* at *Astaghfirullah* ang mga katagang naibubulalas ni I'na. Niyugyog ng ingay ng malalaking

sasakyan na may lulang mga sundalo ang kinatatayuan ng aming bahay. Balot na rin alikabok ang labas ng aming bahay. Bilang ko na rin ang mga butas sa bawat bubong at haligi ng bahay na hatid ng nagsisulputang mga bala. Sa mga butas ko na rin naaninag ang bawat silahis ng araw, ngunit mahapdi sa paningin. Umaga na pala...

*La Ilaha Illa Allah! Alhamdulillah!* Dalawang salita na nakapagpanatag sa aming kalooban nang sambitin ni A'ma. Narinig namin ang sigaw ng  isang lalaki na *ceasefire*. Hudyat na panandaliang tumigil ang labanan at putukan. Nagmadali kaming lumisan sa bahay sa takot na maabutan kami ng kasunod na bakbakan. Tinunton naming tatlo ang mabato at maalikabok na daan patungong bayan. Habang naglalakad ay napagtanto ko ang malaking pagbabago sa kapaligiran. Kay tahimik. Wala na ang tugtog ng kulintang at agong. Tanging alingawngaw na lamang ng putukan sa may 'di kalayuan ang nakikisabay sa pagpintig ng aking puso na nagbibigay buhay sa aking pandinig. Doon ko rin lamang napagtanto, na ang tanging dala ko ay ang  sambayangan na karpet na ginagamit sa pagdarasal maliban sa suot kong luma at punit-punit na damit. Magkahawak kamay kaming tinunton ang daan patungo sa padiyan.

Pagdating namin sa padiyan, akala ko ay araw ng pamamalengke. Doon pala nagtipon-tipon ang mga taong apektado ng bakbakan. Isa sa ipinagtataka ko ay tila walang naganap na kaguluhan sa bawat reaksiyon ng bawat isa. Hindi kasasalaminan ng pagkabahala at pangamba, ngunit hindi ako, hindi ng musmos na katulad ko.

Ilang oras lang mula nang lisanin namin ang bahay ay muling sumiklab ang bakbakan sa pagitan ng mga *Moro Islamic Liberation Front* o *MILF* laban sa mga sundalo ng pamahalaan. Hindi ko man maintindihan kung ano ang dahilan ng hidwaang ng

dalawang grupong iyon, alam kong marami ang apektadong mamamayan. Sa araw na iyon ay hindi ako nakapag-ayuno ngunit hindi ng A'ma at I'na. Ipinagpatuloy nila ang pag-aayuno kahit hindi sila kumain sa madaling araw, hanggat't kaya nila ay maaaring ipagpatuloy ang pag-aayuno.

Nanatili at pinagpahinga ako nina A'ma at I'na sa isang barong-barong sa *padiyan*. Ilang araw din ang aming pananatili naming sa *padiyan*. Minsan ay natutulog sa mga paaralang nagsisilbing kanlungan namin. Kapag *ceasefire* naman ay paisa-isang kinukuha ni A'ma ang gamit naming na naiwan sa bahay. Minsan pa ay naisipan kong maglakad-lakad sa *padiyan*. Pinagmasdan ko ang kapaligiran ng aking kinagisnang bayan. Tanging buntong hininga ko na lamang ang aking naririnig habang pilit na bumubulong ang bawat putok sa kabilang bayan. Tanging alikabok na amoy pulbura ang aking nalalanghap at hindi na ng mga iba't ibang amoy ng mga kakanin. Wala na rin ang mga nakikipagsikikang mamimili, tanging nakaharang na lamang ng mga sasakyang pandigma ang nakatambay sa bawat kanto.  Tanging wasak na lamang din ng mga kawayan ang kumakaway at hindi na ng mga makukulay na mga bandila. Mga anino at imahe na lamang ng kahapong matiwasay ang siyang yumayapos sa aking isipan. Ngunit mas takot ako sa kaisipang ang imahe na iyon ay mananatiling imahe na lamang at hindi sa realidad.

Kasabay nang putukang nagaganap sa may 'di kalayuan ay naiukit ko sa aking isipan ang pangyayaring yaon sa aking murang isipan. Isa lamang ang aking napagtanto sa pagkakataong yaon, ang maaari pala kaming mamuhay sa bayang binabalot ng gulo. Nabubuhay sa musika ng mga bala. Humihinga sa usok ng pulbura. Patuloy na mamayagpag ang katiwasayan ng buhay sa kabila ng suliraning

kinakaharap ng aming bayan. Patuloy sa paglalayag ang bawat mumunting pangarap ng mga Maguindanaoan sa kabila ng katotohanang kay hirap abutin tulad ng paghahangad naming ng kapayapaan.

Wala man kamuwang-muwang sa lahat ng kaganapan sa kapaligiran ay batid kong hindi ito tama, na hindi ito ang hinahangad ng bawat isa. Ang kaganapang ito ang siyang tunay na magpapatibay at lililok ng aking pagkatao. Ang kaganapan sa aking bayang sinilangan ang siyang huhulma sa aking kinabukasan. Ang bawat putok ng bala ang siyang tutugtog gabang tutuntunin ang daan tungo sa hinaharap. Ang simoy at hamog ng pulbura ang siyang magbibigay anyo ng aking mga pangarap. Ang kislap at tilamsik ng bawat bala ang siyang iilaw sa aking landas, sa aming bayan.

Simula pa lamang ang lahat ng masalimuot na kaganapan tungo sa pagbuo ng sampung titik ng salitang kapayapaan. Umaasang sa bawat titik ng salitang ito ay hindi tunog ng baril ang maririnig kundi ng ritmo ng kulintang at agong, na tanda ng minimithing kapayapaan. Darating ang panahon na ang bawat mamamayan ng Maguindanao ay magtitipon-tipon sa *padiyan* hindi dahil kami ay nagsilikas kundi dahil ipagdiriwang naming ang salitang kapayapaan. Umaasa akong ang bawat bandila na nasa gilid ng daan ay patuloy na tatayo at maiwawagayway na kailanman ay hindi kukupas ang matitingkad nitong kulay tanda ng aming pagkakakilanlan at hindi ng kasarinlan.

Samakatwid, ang bayang aking kinalakhan at kinamulatan ay hindi naghihingalo. Ang bayan ko ay dinapuan lamang ng matinding sakit na hanggang ngayon ay hinahanapan ng panlunas. Hangga't tumitibok ang puso ng mamamayan ng aking

bayan ay patuloy itong hihinga at hindi hahayaang tuluyang malison ng pulbura ng digmaan. Hangga't umuusbong ang mapa ng Maguindanao sa rehiyon ng ARMM magpapatuloy na makikilala at tatatak ang pangalan nito dahil may buhay at mabubuhay kami sa kabila ng suliraning kinakaharap.